Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 6, 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member **-Leave** |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member **-Leave** |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 18-04-054

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NG YUMAONG CRISTIE GARCIA MANGAYA**

"**SAPAGKAT,** si Gng. Cristie Garcia Mangaya ng Barangay Campaasan, Bulalacao, Oriental Mindoro ay sumakabilang-buhay sanhi ng malubhang sakit sa edad na apatnapu't pito (47) na taong gulang;

"**SAPAGKAT,** si Gng. Mangaya ay nagsilbi sa Kagawaran ng Edukasyon bilang guro simula taong 2000, siya ay nagturo sa Bulalacao Central School bilang Teacher III at isa sa mga Tagapayong Guro ng Baitang III;

"**SAPAGKAT,** si Madam Teth na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ay aktibong naglingkod hindi lamang bilang isang guro kundi maging sa komunidad *katunayan nito siya ay kasapi ng Couples for Christ, Family in Life* at Core Team;

"**SAPAGKAT,** ang kanyang pagiging ina sa kanyang dalawang anak at asawa ay hindi matatawaran sapagkat, sa kabila ng kanyang karamdaman ay patuloy siyang nagtatrabaho upang matugunan ang pangngailangan ng kanyang pamilya gayundin ay buong-puso pa rin niyang ginampanan ang kanyang sinumpaang tungkulin bilang isang guro hanggang sa siya ay igupo ng kanyang sakit;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Madam Teth ay nagdulot ng lungkot at pighati sa kanyang mga anak, apo, pamilya, kamag-anak at mga kaibigan subalit, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na siyang Maylikha ng lahat at kung saan hindi na niya maramdaman ang hirap na dulot ng kanyang sakit; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ng yumaong Cristie G. Mangaya;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales, pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Abril 6, 2018, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x----------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS,JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG.TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 04-06-2018

06/BMS/jpc

Scanned with CamScanner